

RECOVERY ACT COMMUNITY BRIEF



TOTAL NA BUDGET

\$296.64 MILLION

GASTOS SA NGAYON

\$212.7 MILLION

BILANG NG PROGRAMA

85

TUNGKOL SA LBRA

Noong ika-16 ng Marso 2021, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang Long Beach Recovery Act, na naging isa sa mga pangunahing lungsod na nag-apruba ng programa ng pagbangon mula sa COVID-19 gamit ang pederal na mga pondo ng American Rescue Plan Act (ARPA). Pinopondohan ng Long Beach Recovery Act ang ilang pangunahing programa sa ekonomiya, kulusugang pampubliko, at pananalapi para sa mga residente ng Long Beach, mga may-ari ng negosyo at mga manggagawang matinding naapektuhan ng pandemya. Sama-sama, ang mga inisyatibang ito ay namumuhunan sa isang malusog at masiglang ekonomiya ng Long Beach.


Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad



Pagbangon ng Ekonomiya



Pagpapatibay ng Hinaharap ng Lungsod



MGA KUWENTO NG EPEKTO SA KOMUNIDAD

CITY OF
LONG BEACH
RECOVERY ACT

Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad



PAGBUO NG PROGRAMANG YOUTH SOCIAL CAPITAL

"Ang malaking tagumpay ng programang ito ay ang pag-aalaga ng lokal na interes ng kabataan sa aquatic field sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakataong maging sertipikado nang libre at makakuha ng trabaho. Gayundin, tulad ng naunang nasabi, ang pagkakaroon ng ilang empleyado na nagpapahayag ng interes sa pagpapasulong ng kanilang mga karera sa tubig sa pamamagitan ng pagkuha ng mga karagdagang klase at paghahanap ng karagdagang mga sertipikasyon sa tubig."

- Pools of Hope

Ang suporta ng mga kasamahan na ibinigay sa panahon ng Operation Emancipation OE ay ang pinakamahalagang tagumpay ng programa. Isang kabataan sa grupo ang nasa krisis at pinalibutan sila ng buong grupo ng buhos ng pagmamahal at suporta. Ang mga kabataan sa cohort ay pumasok sa programa nang hindi kilala ang isa't isa, ngunit umalis na may mga bagong pagkakaibigan."

- Right Way Foundation

Pagbangon ng Ekonomiya



PROGRAMANG BIKE SHARE FOR ALL

"Interesado ako sa programa para mag-ehersisyo. Nakatulong ang programang ito sa aking pagsasanay sa cardio na nakatulong sa paggaling ng aking pinsala. Wala akong sariling bisikleta o pera para sumali sa gym, kaya nakatulong ang programang ito."

- Kalahok sa Programa

"Ang mga city bike, e-scooter, pampublikong transportasyon, mga skate ay ang lahat ng aking pangunahing paraan ng transportasyon bilang isang solong babae sa lungsod."

- Kalahok sa Programa